## Saan Ako Maaaring Matuto Pa?

Makakahanap ka ng mga gabay na materyales at karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code o pagbisita sa www.fincen.gov/boi.

Mag-sign up para sa Mga FinCEN Update upang makatanggap ng agarang mga update sa email tungkol sa Beneficial Ownership.

Ang brochure na ito ay nagpapaliwanag lamang at hindi nagdaragdag o nagbabago ng anumang mga obligasyon na ipinapataw ng batas o regulasyon.

Pakitandaan din na ang mga iniaatas / kinakailangan sa pag-uulat para sa ilang indibidwal at entity ay naapektuhan ng desisyon ng pederal na hukuman. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang www.fincen.gov/boi para matuto pa.

BERSYON 1 – Inilathala noong Abril 2024

# Isang Panimula sa Pag-uulat ng Beneficial Ownership Information

BOI
Beneficial Ownership Information

Bilang pagsaalang-alang sa kamakailang utos ng pederal na hukuman, ang mga kumpanyang kailangang mag-ulat (reporting companies) ay kasalukuyang hindi kinakailangang maghain ng impormasyon tungkol sa kanilang nakikinabang na may-ari sa FinCEN at walang legal na pananagutan kung mabigo silang gawin ito habang nananatiling may bisa ang utos. Dapat na maunawaan ang sumusunod na patnubay para matugunan ang mga kinakailangan sa panahon na maaaring alisin ang utos. Gayunpaman, ang mga kumpanyang kailangang mag-ulat ay maaaring patuloy na boluntaryong magsumite ng mga ulat ng impormasyon tungkol sa kanilang nakikinabang na may-ari. para matuto pa, bisitahin ang fincen.gov/boi.

Noong 2021, pinagtibay ng mga kinatawan ng dalawang partido ng Kongreso ang Corporate Transparency Act upang pigilan ang ilegal na pamamahala / paggamit ng pondo at iba pang mapagkukunan na naikukumberte sa pera. Ang batas na ito ay nag-aatas sa maraming kumpanyang nagnenegosyo sa Estados Unidos na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa kung sino sa dakong huli ang tunay na nagmamay-ari o kumokontrol ng mga kumpanyang ito.

U.S. Department of the Treasury
Financial Crimes Enforcement Network
www.fincen.gov/boi

# Bagong Iniaatas ng Pederal sa Pag-uulat ng Beneficial Ownership Information (BOI)

Simula noong Enero 1, 2024, maraming kumpanya sa Estados Unidos ang dapat mag-ulat ng impormasyon tungkol sa kanilang nakikinabang na may-ari—ang mga indibidwal na sa dakong huli ay siyang tunay na nagmamay-ari o kumokontrol sa kumpanya—sa Crimes Enforcement Network (FinCEN), isang kawanihan ng Tanggapan ng Pananalapi ng U.S. (U.S. Department of the Treasury).

Ang paghahain ay simple, ligtas at walang bayad. Ang impormasyon sa pag-uulat ng nakikinabang na may-ari ay hindi iniaatas na gawin nang taunan. Maliban kung kailangang i-update o iwasto ang impormasyon ng kumpanya, kailangan lamang isumite nang isang beses ang ulat.

> Tiyakin na nire-review ang **Small Entity Compliance Guide**, na nagbibigay ng impormasyon para tumulong sa maliliit na negosyo na makasunod sa mga kinakailangan sa naturang pag-uulat.

## Sino Ang Kailangang Mag-ulat?

Ang mga kumpanya na kinakailangan / inaatasang mag-ulat ay tinatawag na **reporting companies.** Ang mga reporting companies ay maaaring kumuha ng impormasyon mula sa kanilang nakikinabang na mga may-ari at mag-ulat ng mga naturang impormasyong sa FinCEN.

> Maaaring kailanganin ng iyong kumpanya na mag-ulat ng impormasyon tungkol sa mga nakikinabang na may-ari nito kung ito ay:
>
> 1. isang korporasyon, isang limited liability company (LLC), o kung hindi man ay nilikha sa United States sa pamamagitan ng paghahain ng dokumento sa isang sekretarya ng estado o anumang katulad na tanggapan sa ilalim ng batas ng isang estado o tribo ng India; o
> 2. isang banyagang kumpanya at inirehistro upang magnegosyo sa alinmang estado ng U.S. o tribo ng India sa pamamagitan ng binanggit na paghahain.

## Sino Ang Hindi Kailangang Mag-ulat?

Dalawampu't tatlong uri ng mga entity ang hindi kasama sa mga inaatasang mag-ulat ng beneficial ownership information, kabilang ang mga ikinalakal na kumpanya sa publiko, nonprofit, at ilang partikular na malalaking kumpanyang may operasyon.

> Kabilang sa **Small Entity Compliance Guide** ng FinCEN ang mga checklist para sa bawat 23 eksemsyon na maaaring makatulong sa pagtukoy kung ang iyong kumpanya ay kwalipikado para sa eksemsyon. Pakirepasuhin ang Kabanata 1.2 ng Gabay (Guide) para sa higit pang impormasyon.

## Paano Ako Mag-uulat?

Ang mga reporting companies ay nag-uulat ng impormasyon tungkol sa nakikinabang na may-ari (beneficial ownership information) sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng website ng FinCEN: www.fincen.gov/boi. Ang system ay nagbibigay ng kumpirmasyon ng resibo kapag ang isang kumpletong ulat ay naihain sa FinCEN.

## Kailan Ako Dapat Mag-ulat?

Nagsimulang tumanggap ang FinCEN ng mga ulat noong Enero 1, 2024.

- Kung ang iyong kumpanya ay nilikha o inirehistro bago sumapit ang Enero 1, 2024, mayroon kang hanggang Enero 1, 2025 para mag-ulat ng BOI.
- Kung nilikha o inirehistro ang iyong kumpanya ng taong 2024, dapat mong iulat ang BOI sa loob ng 90 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso na ang paglikha o pagpaparehistro ng iyong kumpanya ay nagkabisa o epektibo, alinman ang mas nauna.
- Kung ang iyong kumpanya ay nilikha o inirehistro sa o pagkatapos ng Enero 1, 2025, dapat kang mag-file ng BOI sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang aktwal o pampublikong abiso na ang paglikha o pagpaparehistro nito ay nagkabisa o epektibo.
- Ang anumang mga pag-update o pagwawasto sa impormasyon ng nakikinabang na may-ari na dati mong inihain sa FinCEN ay dapat isumite sa loob ng 30 araw.